2024




# Mga Tax Credit

Ang mga manggagawa at pamilya, kabilang ang mga may hawak ng ITIN ay maaaring maging kuwalipikado para sa mga tax credit na naiipon sa hanggang libu-libong dolyar. Alamin kung paano ike-claim ang iyong mga credit sa **CalEITC4Me.org** o i-text ang **EITC** sa **855-620-2180**.*

| BENEPISYO | SINO ANG KUWALIPIKADO | HALAGA |
|---|---|---|
| **Child Tax Credit (CTC)**<br>*Kredito ng Buwis para sa Anak* | Mga pamilyang may mga batang wala pang 17 taong gulang | I-claim ang nadagdagang Child Tax Credit na hanggang $2,000 dolyar kada bata, kapag nagpa-file ka ng iyong mga buwis. |
| **California Earned Income Tax Credit (CalEITC)**<br>*Kredito ng Buwis para sa Pinagtrabahuhang Kita* | Mga manggagawa at pamilya sa California na kumikita ng mas mababa sa $30,950 at nagpa-file ng kanilang mga buwis. Ang mga nagpa-file na may ITIN ay maaari ring maging kuwalipikado. | Hanggang $285 para sa mga pamilya at $3,529 para sa mga manggagawang walang anak. |
| **Young Child Tax Credit (YCTC)** | Mga pamilya sa California na kumikita ng mas mababa sa $30,950 at may hindi bababa sa isang anak na wala pang 6 na taong gulang. Ang mga pamilyang nagpa-file na may ITIN ay maaari ring maging kuwalipikado. | Hanggang $1,117 |
| **Federal Earned Income tax Credit**<br>*Pederal na Kredito ng Buwis para sa Pinagtrabahuhang Kita* | Mga may mababang kita na nagtatrabaho at nagpa-file ng mga buwis na may Social Security number ay maaaring maging kuwalipikado. | Hanggang $7,430 para sa mga pamilya at $600 para sa mga manggagawang walang anak. |
| **Foster Youth Tax Credit (FYTC)**<br>*Kredito ng Buwis para sa Foster na Kabataan* | Kung kuwalipikado ka para sa CalEITC at nasa foster youth care system (sistema ng pangangalaga sa kinukupkop na kabataan) ng CA pagkatapos ng iyong ika-13 kaarawan AT ikaw ay nasa pagitan ng mga edad na 18 at 25 taong gulang sa katapusan ng taon ng buwis. | Hanggang $1,117 |

IT'S YOUR MONEY
GET IT!
EARNED INCOME TAX CREDIT

*Maaaring iangkop ang mga singil sa message at data




# Walang numero ng Social Security? Walang problema!

## Ang mga may hawak ng ITIN ay maaari pa ring maging karapat-dapat para sa daan-daang dolyar sa mga cash-back tax credit.

Kung ikaw ay nagtatrabaho at nagbabayad ng mga buwis sa estado gamit ang ITIN (Individual Taxpayer Identification Number), maaari kang maging kuwalipikado para sa California Earned Income Tax Credit (CalEITC, Kredito ng Buwis para sa Pinagtrabahuhang Kita) at Young Child Tax Credit (YCTC, Kredito ng Buwis para sa Paslit na Anak). Ang halaga ng iyong cashback tax credit ay nakadepende sa iyong kita at laki ng iyong pamilya.

**Ano ang mga tax credit?**
Binabawasan ng mga tax credit ang halaga ng mga buwis na pagkakautang mo o dinadagdagan ang iyong tax refund kapag nagpa-file ka ng iyong mga buwis. Kung kuwalipikado, maaari kang tumanggap ng daan-daang dolyar na pera para makabili ng mga panggroseri o mabayaran ang mga singil-anuman ang kailangan mo at ng iyong pamilya.

**Sino ang maaaring makatanggap ng mga CalEITC at YCTC credit?**
Upang maging kuwalipikado para sa CalEITC, kailangan mong maging isang manggagawang kumita ng $30,950 o mas mababa pa noong 2023, maging hindi bababa sa 18 taong gulang at kumikita ng hindi bababa sa $1 para mai-claim ang CalEITC kapag nag-file ka ng iyong mga buwis. Ang YCTC ay para sa mga nagbabayad ng buwis na may anak na wala pang 6 na taong gulang.

**Paano kung wala akong ITIN?**
Kailangan mong makumpleto ang Form W-7 at maisumite ang mga dokumentong nagtatakda ng iyong pagkakakilanlan sa IRS upang makuha ang iyong numero. Tandaan: ang prosesong ito ay maaaring abutin ng mga buwan, kaya't mahalagang agad na makapagsimula. Maaari kaming tumulong!

**Naaapektuhan ba ng mga tax credit ng estado ang aking tsansang makakuha ng green card o pagiging citizen?**
Hindi! Sa katunayan, mabuting ideya ang magtatag ng pampublikong rekord ng kita at pag-file ng iyong mga buwis.

**Saan ako makakakuha ng libreng tulong sa aking mga buwis?**
Bumisita sa CalEITC4Me.org upang kumonekta sa libreng sa personal at online na tulong.

IT'S YOUR MONEY
GET IT!
Cal EARNED INCOME TAX CREDIT

2024

# Hindi mo kailangang magbayad para i-file ng iyong mga buwis.

## Tama 'yon! Makatipid sa pamamagitan libreng paghahanda para sa buwis sa personal o online.

Ang Volunteer Income Tax Assistance (VITA, Boluntaryong Tulong para sa Buwis sa Kita) ay isang programa ng IRS na nagsesertipika sa mga boluntaryong tagapaghanda ng buwis upang ihanda ang mga return sa estado at pederal na pamahalaan.

Ito ay ligtas, kumbinyente, at libreng-libre.

- **Mag-file nang libre online sa GetYourRefund.org.** Humingi ng tulong sa buwis nang kumbinyente mula sa iyong tahanan. Isang totoong tao ang maghahanda ng iyong tax return (ulat ng buwis) at sasagutin ang anumang mga katanungan.

- **Hanapin ang lokasyong malapit sa iyo sa CalEITC4Me.org.** Kumuha ng libreng tulong sa paghahanda ng buwis online sa isang sertipikadong nonprofit sa iyong komunidad. Ang ilang lokasyon ay nangangailangan ng appointment, kaya't mag-sign up na ngayon!

Maglagay pa ng pera sa iyong bulsa sa pamamagitan ng mga cashback tax credit gaya ng California Earned Income Tax Credit (CalEITC, Kredito ng Buwis para sa Pinagtrabahuhang Kita sa California). I-text ang **EITC** sa **855-620-2180*** at gamitin ang aming calculator para matantiya ang iyong tax refund.

Maaari mong i-claim ang iyong mga tax credit sa estado gamit ang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN, Pang-indibidwal na Numero ng Pagkakakilanlan ng Nagbabayad ng Buwis). Mayroong tulong sa iyong wika.

IT'S YOUR MONEY
GET IT!
Cal EARNED INCOME TAX CREDIT

*Maaaring iangkop ang mga singil sa message at data



2024

# Kuwalipikado ka ba para sa CalEITC?

**Ang California Earned Income Tax Credit (CalEITC) at ang Young Child Tax Credit (YCTC) ay mga tax credits para sa mga nagtatrabahong Californian.**

Bawiin ang pera upang magamit para sa mga bagay na kailangan mo. Magkano? Iyon ay depende sa iyong kita at laki ng pamilya. Magsimula ngayon sa pamamagitan ng pagbisita sa **CalEITC4Me.org** o pag-text ng **EITC** sa **855-620-2180**.*

**Magkano ang kinita mo mula sa iyong mga trabaho noong 2023?**

- **$1 - $30,950** → **Maaari kang maging kuwalipikado** → **Ilang taon ka na?**
  - **Wala pang 18 taong gulang (walang anak)** → Hindi kuwalipikado
  - **18 taong gulang o pataas** → **Maaari kang maging kuwalipikado** →
- **Mahigit $30,950** → Hindi kuwalipikado

**Mayroon ka bang hindi bababa sa isang anak na wala pang 6 na taong gulang?** Maaari ka ring maging kuwalipikado para sa California's Young Child Tax Credit (YCTC) at makakuha ng karagdagang $1,117 na maire-refund na credit kapag nag-file ka ng iyong mga buwis.




IT'S YOUR MONEY
GET IT!
Cal EARNED INCOME TAX CREDIT

* Maaaring iangkop ang mga singil sa message at data